Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

DepED 19 JUL 2016

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 270 serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng mga Mababa at Mataas Na Paaralan
Tagapayo Ng Pampaaralang Pahayagan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **PAGSUMITE NG ULAT PASALAYSAY NG PAMPAARALANG GAWAIN/PAGSASANAY SA LARANGAN NG JOURNALISMO**

Petsa: Hulyo 19, 2016

1. Alinsunod sa Memorandum Pansangay Blg. 151, serye 2016 na pinamagatang "*TUTORIAL LESSONS* PARA SA MGA BATANG MANUNULAT" at pinalabas noong Mayo 3, 2016 ay inaasahang marami ng nagawang pagsasanay ang mga paaralan at nagagamit ang mga *brochure* na naipamahagi ng Sangay noong Mayo 31, 2016 sa mga Tagapayo ng Pampaaralng Pahayagan.

2. Mula sa panukalang ito, hinihintay ang pagsumite ng ulat pasalaysay ng pampaaralang gawain/pagsasanay sa larangan ng journalismo bilang paghahanda ng mga batang manunulat sa nalalapit na DSPC. Datapuwa't mabigyan din ng pagpapahalaga ang kadakilaang nagawa ng mga Tagapayo at maigawad ang Sertipiko Ng Pagkilala sa takdang panahon.

3. Dalawang pahina lamang ang kakailanganing ulat na may apat na bahagi:
1) Panimula 2) Mga Gawaing Naisagawa 3) Konklusyon 4) dalawang larawan

4. Ang pinakahuling araw ng pagsumite ng inaasahang ulat ay sa Agosto 31, 2016.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.